# PAKIKINIG

1
ARALIN

## MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Maisabuhay ng mga estudyante ang mga kasanayan sa pagsasalitan, pakikinig sa iba, at pagsasalita nang malinaw.
- Magamit ng mga estudyante ang mga mabisang kasanayan sa komunikasyon.

## MGA LAYUNIN

Matutuhan ng mga estudyante na mahalaga ang pakikinig para mas maunawaan ang kahulugan.

Maunawaan ng mga estudyante na ang pakikinig ay iba sa pagdinig.

Maunawaan ng mga estudyante na ang pakikinig ay nangangailangan ng mental na konsentrasyon.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Pisara o chart paper at mga marker ("Gagawin Ko")
- Activity sheet na “Panayam sa Pakikinig” para sa bawat estudyante ("Gagawin Mo")

# Panimula

3 Minuto

Tipunin ang iyong mga estudyante at sabihin sa kanila, "Ipapakita ko sa inyo kung paano ang pagiging mabuting tagapakinig at kung paano ang pagiging di-mabuting tagapakinig." Pagkatapos, tanungin ang iyong mga estudyante, "Sino ang gustong magsabi sa akin tungkol sa isang masayang bagay na ginawa nila ngayong linggo?" Magtawag ng isang estudyante, at habang nagsasalita siya, makinig at tingnang mabuti ang kaniyang mga mata. Susunod, magtawag ng isa pang estudyante, at habang nagsasalita ang estudyanteng iyon, tumingin-tingin sa paligid ng silid, tumayo mula sa iyong upuan, at talikuran ang estudyante. Itanong sa estudyante kung ano ang naramdaman niya noong naging di-mabuting tagapakinig ka. Sabihin sa klase, "Kapag nakikipag-usap sa ibang tao, mahalagang maging mabuting tagapakinig."

# Kaalamang Ipinepresenta ng Guro/Gagawin Ko

10 Minuto

Ipaliwanag sa iyong mga estudyante, "Ngayon, matututo tayong makinig gamit ang buong katawan, mula ulo hanggang paa." Pagkatapos ay gumawa ng anchor chart para ilarawan ang mga katangian ng buong katawang pakikinig at suriin ninyo ng mga estudyante mo ang chart nang ipinaliliwanag at minomodelo ang bawat aksyon (o gamitin ang "Chart ng Buong Katawang Pakikinig"):

- Iniisip ng ulo (utak) kung ano ang sinasabi.
- Nakatingin ang mga mata sa taong nagsasalita.
- Naririnig ng mga tainga ang sinasabi ng mga tao. (Kung bingi ka, nakikinig ka gamit ang iyong mga mata, gamit ang sign language at pagbabasa ng labi.)
- Nananatiling tikom ang bibig.
- May pakialam ang puso sa mga sinasabi.
- Pirmi ang mga kamay at paa.

## Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/Gagawin Natin 15 Minuto

Gabayan ang iyong klase sa paglalaro ng "Simon Says," ("Sabi ni Simon") kung saan gagawin ng mga estudyante ang mga galaw o aksyong iminumungkahi mo sa kanila, pero kung bahagi lang ang mga ito ng isang "Sabi ni Simon…" na pangungusap. Halimbawa, maaari mong sabihin na, "Sabi ni Simon, tumalon," "Sabi ni Simon, itaas ang inyong kanang kamay," at "Sabi ni Simon, isang hakbang pasulong," pero tiyaking paminsan-minsan ay huwag bigkasin ang "Sabi ni Simon..." para makita kung talagang nakikinig ang iyong klase.

## Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo 30 Minuto

Sabihin sa mga estudyante na hindi lang ang pakikinig sa mga salitang sinasabi ng mga tao ang mahalaga, kundi pati na rin kung paano nila sinasabi ang mga salita. Ipaliwanag sa mga estudyante na masasabi mo kung ano ang nararamdaman ng isang tao tungkol sa isang bagay sa pamamagitan ng paraan ng kanilang pagbigkas ng isang salita. Imodelo ito sa pamamagitan ng pagsasabi ng salitang "broccoli" sa bawat isa sa mga sumusunod na paraan, at pahulain ang mga estudyante kung ano ang nararamdaman mo tungkol sa broccoli sa pamamagitan ng kung paano mo binibigkas ang salita:

- Bilang isang taong mahilig sa broccoli
- Bilang isang taong ayaw sa broccoli
- Bilang isang taong hindi pa nakatikim ng broccoli

Susunod, sabihin sa mga estudyante na magsasanay sila ng “pakikinig” sa pamamagitan ng pakikipanayam sa kanilang mga kaklase. Ipaliwanag na kapag kinapanayam mo ang isang tao, tatanungin mo siya para malaman ang impormasyon tungkol sa kaniya.

Sabihin sa mga estudyante, “Kakausapin ninyo ang inyong mga kaklase para malaman kung sino ang mahilig sa broccoli, sino ang ayaw sa broccoli, at kung sino ang hindi pa nakakatikim ng broccoli. Mahalagang makinig nang mabuti sa larong ito. Kapag ikaw ang tagapanayam, itatanong mo, 'Gusto mo ba ng broccoli?' Ang taong kinakapanayam ay makakasagot lang sa pamamagitan ng pagbigkas ng salitang 'broccoli.' Kung ikaw ang kinakapanayam, bigkasin ang 'broccoli' sa paraang nagpapakita kung ano ang nararamdaman mo tungkol dito."

Ipaliwanag na ang lahat ng estudyante ay maghahalinhinan sa pagiging tagapanayam at kapanayam. Ipamahagi ang activity sheet na “Panayam sa Pakikinig” activity sheet (maaari mong isulat ang pangalan ng mga estudyante sa kaliwang hanay ng activity sheet bago magsimula ang klase). Atasan ang mga estudyante na simulan ang kanilang mga panayam at suriin ang tingnan ang tamang column sa tabi ng pangalan ng kanilang kaklase para ipahayag ang kanilang mga natuklasan. Maaariing ipanghalili sa broccoli ang anumang pagkain o bagay.

## Pagtatapos 5 Minuto

Tagubilinan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga natuklasan, na nagpapaliwanag kung paano nila ginamit ang kanilang buong katawan sa pakikinig (halimbawa, ginamit nila ang kanilang ulo para isipin kung paano binigkas ng kanilang kaklase ang salita, at ang kanilang mga tainga para marinig kung paano binigkas ang salita). Ipaalala sa mga estudyante na nagawa nilang malaman ang gusto ng isang tao batay sa isang salita.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Bakit mahalagang makinig gamit ang buong katawan?
2. Ano ang mga bagay na maaari mong gawin para maging mas mabuting tagapakinig?
3. Ano ang nangyayari kapag may nakikinig sa iyo?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGPAPALAWIG NG SINING

Hilingin sa mga estudyante na tukuyin ang isang tunog na palagi nilang naririnig (halimbawa, mga sasakyang umaandar, huni ng mga ibon). Kapag natukoy na ng bawat estudyante ang isang tunog, hilingin sa kanila na iguhit ang bagay na gumagawa ng tunog. Puwede mong ilagay ang lahat ng guhit sa isang bulletin board na may nakasulat na "Mga Tunog ng Ating Mundo."

## PAGPAPALAWIG NG SINING

Sabihin sa mga estudyante na gagawa sila ng taingang nakikinig na headband. Atasan ang mga estudyante na kulayan at gupitin ang mga tainga ng kuneho sa activity sheet na “Mga Taingang Nakikinig”. Habang ginagawa nila ito, kumuha ng "sentence strip" o isang 24" ang lapad x 3" ang taas na strip ng papel, ipaikot ito sa ulo ng bawat estudyante, markahan ito, at pagdikitin sa likod para makagawa ng headband. Matapos palamutihan ng mga estudyante ang mga tainga, gupitin at tiklupin ang bawat tainga nang patayo sa kalahati para maging matigas ang mga ito. Pagkatapos, idikit ang mga ito sa headband. Sabihin sa mga estudyante na itabi ang mga ito bilang paalala ng kanilang “mga taingang nakikinig.” Ipaliwanag na ang mga taingang nakikinig ay iba sa normal na mga tainga dahil ginagamit dito ang buong katawan—mula ulo hanggang paa.

## PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Ipasadula sa mga estudyante ang mga sitwasyon kung saan mahalaga ang pakikinig. (Maaaring ihalimbawa ang pakikinig habang nasa klase, pagsaulo sa numero ng telepono ng isang tao habang sinasabi nila ito sa iyo, atbp.)

# PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Basahin sa klase ang *Howard B. Wigglebottom Learns to Listen*, ni Howard Binkow. Itanong sa mga estudyante, “Ano ang nangyari kay Howard nang hindi siya nakinig?” Itanong din, “Ano ang mararamdaman mo kung ikaw ang guro o kaibigan ni Howard?” at “Ano ang nangyari noong nagsimulang makinig si Howard?”

# PAGPAPALAWIG NG PE

Ipalaro sa mga estudyante ang “Red Light, Green Light” ("Pulang Ilaw, Berdeng Ilaw"). Itanong kung gaano kahalaga ang pakikinig sa paglalaro.